

PROLOGUE

Pagkatapos na pagkatapos ng ikalawang round ng kantang pina-practice para sa foundation day program ng school na pinapasukan nila, tumayo na kaagad si Kale mula sa ‘throne’ niya sa harap ng drumset.

“Mauna na ako sa inyo, ah,” mabilisang paalam niya saka isinuksok sa backpocket ng suot na pantalon ang drumsticks niya at dinampot ang skateboard niyang nasa isang panig ng silid na iyon. Isa iyong silid sa bahay ng kabanda nilang si Jare Sebastian.

“Oy, sa’n ka pupunta?” tawag ni Jare nang maabutan siyang palapit na sa pinto.

“May importante akong lakad. Kailangan ko nang umalis. Kita na lang tayo bukas.” Ni hindi siya lumingon at dere-derechong tinungo ang daan patungo sa main door ng malaking bahay.

Hindi niya napansin na matapos magkindatan, sumunod sa kanya si Yad, ang kanilang bahista.

Ang totoo, ang balak talaga niya kanina ay hindi muna mag-attend ng practice kaso nahuli siya ni Yad na nauuna nang palabas ng gate ng school.

“May sekreto ka, ’no?” anang kaibigan na ikinagulat niya.

“Sekreto? Ano ba’ng pinagsasabi mo d’yan?” pagmaang-

maangan niya.

Ngumisi lang ito. “May kinalaman ba ito d’un sa bata mo? Dadalawin mo ba siya sa kanila dahil absent siya kanina?”

Lihim siyang napalunok. “Hindi, ah. Uuwi na ako.”

Mataman siyang pinagmasdan nito na para bang pinag-aaralan siya. Mayamaya, tumango ito. “Nand’un ba’ng papa mo sa inyo?”

“W-wala,” umiwas siya ng tingin, “kaya nga ako excited umuwi.”

Hindi lingid sa mga ito ang strained relationship niya sa kanyang ama—actually, sa buo niyang pamilya pero pinakamalayo ang loob niya sa kanyang papa.

“Eh di, sasama ako sa inyo,” sabi nito.

Nabigla siya. “Ah... hindi puwede.”

“Bakit? Sabi mo wala naman d’un ang mga kontrabida, tara na.”

“Pero...” Hinila siya nito bago pa siya makabuo ng panibagong alibi. Nakakailang hakbang na sila nang bigla siyang huminto sa paglakad. “Sandali, Yad.” Nakakunot-noo na nilingon siya ng kaibigan. “May sasabihin ako sa ’yo, pero sana sa atin na lang ito. ’Wag mo nang sasabihin kina Jare.”

Napangiti ito. “Okay.”

Ilang saglit pa niyang inaral kung sincere ba ito bago sinabi ang kanyang sekreto. “Hindi ako sa amin uuwi. D’un ako sa bahay ko pauwi,” tukoy niya sa house and lot na pinamana sa kanya ng kanyang yumaong lola. “Kung ano man ang abutan mo r’un, please, huwag mong ipagkakalat.”

Itinaas ni Yad ang isang kamay bilang tanda ng pangangako nito.

Matapos ang ilang minuto nilang paglalakbay ay nasa tapat na sila ng kanyang two-storey house. Maliit lang iyon pero ang bahay na ito ang naging takbuhan niya kapag nababato siya sa kanyang mga magulang at kapatid.

Malakas ang boses niya habang papasok sa bahay niya habang tinatawag ang pangalan ng babaeng ‘iniuwi’ niya roon nang nakaraang gabi. Ayaw pa sana nitong sumama sa kanya, pero nakumbinsi rin niya. Hindi siya papayag na kung saan ito pupunta matapos itong magdesisyong maglayas sa bahay ng tita nito.

Pero napalitan ng kaba ang excitement niya nang walang sumagot sa kanya. Walang tao sa sala at maging sa kusina. Tinakbo niya ang second floor at pinuntahan ang silid na tinulugan niya nang nakaraang gabi, walang tao roon. Nanginginig ang mga kamay na tinulak niya ang pinto ng banyo, wala pa rin.

Nag-panic na siya nang hindi makita kahit ang bag na iniwan nitong nakapatong sa tokador.

Nanlulumong napaupo siya sa kama. Parang may pumipiga nang mariin sa dibdib niya at halos hindi siya makahinga.

“Kale?” tawag ni Yad na sumunod pala sa kanya sa silid. Mukhang nabasa nito ang panlulumo niya. Ang kalungkutan na pumalit sa kanina ay sobrang excitement niya.

Ganoon lang kabilis gumuho ang mga pangarap na ang tagal niyang binuo.

“She’s gone.” Tumulo ang luha niya pagkasambit ng mga salitang iyon.